

Paglaganap ng COVID-19
New Jersey Economic Development Authority (NJEDA)
Abiso ng Pagkakaroon ng Available na Pondo
Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ)
Tatanggap ng mga aplikasyon mula Hunyo 28, 2021 hanggang Hulyo 18, 2021

Pangkalahatang ideya

Sa Marso 9, 2020, nag-isyu si Gobernador Phil Murphy ng Executive Order 103, na nagdedeklara ng Kalagayang Pang-emerhensiya (State of Emergency) at Pamublikong Kalusugan na Pang-emerhensiya (Public Health Emergency) para paigtingin ang mga pagsisikap ng New Jersey na mapigilan ang COVID-19. Ilang beses nang pinalawig ni Gobernador Murphy ang Public Health Emergency, na pormal na natapos nitong Hunyo 4, 2021.

Ipinatupad ang sunod-sunod na mga hakbang sa pagpigil, kasama na ang mga paghihigpit sa mga publikong pagtitipon at mandatong pagsasara ng mga hindi mahahalagang negosyo. Habang ang mga hakbang na ito ay kaayon ng katulad na mga hakbang na ginagawa sa buong bansa na inaasahang maglilimita sa pagkahantad ng publiko sa COVID-19, na nagkaroon na ng hindi mabuting epekto sa ekonomiya ng estado.

Ang mga negosyong inuri bilang "Mga Serbisyong Pagkain at mga Lugar para sa Inuman" na nasailalim ng Sistema ng Pang-industriyang Klasipikasyon ng Tagatimog Amarika (North American Industry Classification System, NAICS) code 722 (inilarawan sa dokumentong ito bilang "Mga Restawran"), ay naapektohan sa hindi timbang na paraan dahil sa COVID-19, dahil sa mga cap sa lokasyon ng mga kinakainan at hindi pangkaraniwang mga gastusin na nararanasan para maisabay nila ang kanilang mga business model para sa ligtas na operasyon.

Dahil sa ipinapatupad na Kalagayang Pang-emerhensiya (Public Health Emergency) at milyon-milyong mga taga-New Jersey ang biglaang nanatili sa tahanan, bumaba o nawala ang kita ng restawran, at marami sa mga restawran ang walang magawa kung hindi magbago - o iwan - ang kanilang modelo ng operasyon, na ang ilan ay kailangang lubusang magsara ng kanilang mga pinto at sisantehin o pansamantalang pagbakasyunin ang lahat ng tauhan. Marami sa mga restawran na nagbago ng kanilang modelo ng operasyon ay lumipat sa modelong take-out lamang, na nagresulta ng malaking bawas ng mga tauhan.

Noong 2019, ayon sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development (NJDOL), 270,000 manggagawa ng restawran ay nagtatrabaho sa New Jersey. Mula Marso 2020 hanggang Abril 2021, iniulat ng NJDOL na halos 107,000 manggagawa sa restawran ay nagsampa ng mga paghahabol na Unemployment Insurance. Noong 2018, nag-ulat ang National Restaurant Association na noon ay may halos 19,000 restawran sa New Jersey.

Bago nangyari ang pandemya, ang sector ay lumalago, na inaasahan ng NJDOL na ang sector ay lalawak ng mahigit 12 porsyento pagsapit ng 2026. Sa panahon ng pandemya, tinataya ng New Jersey Restaurant and Hospitality Association) na mga 30 porsyento ng mga restawran sa New Jersey ang nanatiling nanganganib na permanenteng magsara.

Bagaman ang mga numerong ito ay nakakagulat, posible itong mapaliit, ang bahagi nito, dahil sa ilang inisyatibong nakabase sa New Jersey na bumangon dahil sa COVID-19, na may

kaparehong function, hal., maramihang pagbili ng mga gawa nang pagkain sa mga restawran ng New Jersey, na ipinamamahagi nang libre sa mga espesipikong grupo ng mga tao.

Partikular na, ang mga ganitong inisyatibo ay naglalayong matamo ang dalawang pangunahing tunguhin: para makapagbigay ng apurahang kinakailangang kita para sa mga restawran para mapagtakpan ang direktang kawalan dahil sa COVID-19, partikular na sa mga restawran na pansamantalang nagsara, naghahanda nang magsara, at/o nagbawas ng kanilang mga tauhan sa pamamagitan ng pagsisante o pagpapabakasyon; at para mamahagi ng mga libreng pagkain na binili sa mga lokal na restawran para sa mga partikular na grupo ng mga tao, kabilang na ang mga indibidwal na mababa ang kita, mga senior citizen, mga health care worker, at mga unang rumiresponde.

Para pagbatayan ng mga pagkukusang ito at ng iba pang programang sumusuporta sa restawran na ipinatupad ng New Jersey Economic Development Authority (NJEDA o Awtoridad), inanunsyo ng Awtoridad ang paglulunsad ng programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) noong Nobyembre 2020. Sa unang yugto ng mga pagkakaloob na ipinatalastas noong Pebrero 2021, ipinagkaloob ng NJEDA ang mahigit \$14 milyon sa 28 organisasyon sa buong estado, na sinusuportahan ang pagbili ng mahigit 1.5 na milyong pagkain mula sa mahigit 340 restawran.

Layunin

Ang layunin ng Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) ay para makapagbigay ng agad-agad na kinakailangang kita para sa mga restawran na nakabase sa New Jersey para pagtakpan ang direktang kawalan dahil sa COVID-19, kabilang na ang mga restawran na pansamantalang nagsara, naghahanda nang magsara, at/o nagbawas ng kanilang mga tauhan sa pamamagitan ng pagtanggap o pagpapabakasyon.

Sa ilalim ng programa, hanggang \$10 milyon ang gagamitin para maibigay ang minimum na \$100,000 at maximum na \$2 milyon sa mga organisasyon para suportahan ang tinatayang magagastos sa maramihang pagbili ng pagkain mula sa mga restawran na nakabase sa New Jersey na naapektohan ng COVID-19.

Bilang bahagi ng mga kinakailangan ng Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ), pinagbabawalan ang tatanggap ng kaloob na muling ibenta ang anumang mga pagkain na binili gamit ang pondo.

Mga Karapat-dapatng Paggamit

Sa ilalim ng Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ), maaari lamang gamitin ang pondong kaloob para sa tuwirang gastos na nauugnay sa maramihang pagbili ng mga pagkain na inaasahang magaganap sa pagitan ng petsa kung kailan ginawa ang pagkakaloob at sa petsang Enero 31, 2022: para sa: mga gastos ng restawran sa pagkain at mga sangkap; sa paggawa, pag-iimpake, at mga pasilidad; at, anumang profit margin para sa mga restawran.

Walang ibang (mga) gastusin ang gagastusin ng aplikante, ito man ay bilang pagsuporta sa pagbili ng pagkain mula sa restawran o sa iba pa, ang magiging karapat-dapat, kabilang na ang, pero hindi limitado sa: di-tuwiran/overhead na mga gastusin na ginastos ng aplikante (hal., renta, insurance), transportasyon, distribusyon, marketing, mga komunikasyon, buwis ng benta at pabuya.

Mga Halaga ng Kaloob

Nag-aalok ang Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) ng minimum na halagang ipagkakaloob na \$100,000 at maximum na \$2 milyon, na may ipagkakaloob na kinalkula batay sa inaasahang dami ng mga pagkaing bibilhin at tinatayang gastos (kada pagkain), hindi kasama ang buwis sa benta, pabuya, at bayad sa paghahatid.

Sa ilalim ng Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ), ire-reimburse ang mga pagbili ng pagkain batay sa flat rate kada pagkain. Bagaman walang hindi isasamang mga organisasyon na bumibili ng mga pagkain mula sa mga restawran sa halagang mahigit \$10 kada pagkain, ang pondong kaloob ay ika-cap sa \$10 kada pagkain.

Bilang bahagi ng aplikasyon para sa pondong kaloob, hihiling ang mga organisasyon ng halagang ipagkakaloob batay sa inaasahang bilang ng mga pagkaing bibilhin at tinatayang gastos (kada pagkain), hindi kasama ang buwis sa benta, pabuya, at bayad sa paghahatid. Lahat ng pagtaya sa kaloob ay dapat nakabatay sa flat rate kada pagkain, sasailalim sa cap na \$10 kada pagkain. Para sa anumang kaloob na ibibigay, ang paglalabas ng pondo ng kabuuang halaga ng kaloob ay gagawin sa paraang unti-unti mula sa NJEDA na ibibigay sa mga tatanggap ng kaloob bilang karapat-dapat na mga gastusin na ginastos at ang paglalabas ng pera ay hihilingin ng tatanggap ng kaloob. Ang ganitong mga paghiling ng paglalabas ng pera ay dapat idokumento na ang aktuwal na nagastos ay kaayon ng mga karapat-dapat na paggamit ng pondong kaloob (hal., dami ng biniling pagkain, gastos kada pagkain, at ang restawran kung saan binili ng mga pagkain).

Sa oras na matanggap na ng NJEDA ang lahat ng aplikasyon, kapag ang kabuuang halaga ng pondong kaloob na hiniling na nasa lahat ng karapat-dapat na aplikasyon ay lumabis sa \$10 milyon na available para sa Programa, ilalaan ng NJEDA ang kaloob na ibibigay batay sa tiniyak na halaga para sa bawat karapat-dapat na aplikante, na binabawasan ang lahat ng ibibigay na kaloob para umayon sa bahagi sa eligible pool ng karapat-dapat na aplikante.

Mga Karapat-dapat na Aplikante

Ang Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) ay bukas sa publiko o sa mga pribadong organisasyon, kabilang na ang 501(c) mga organisasyong hindi pangnegosyo. Para maging karapat-dapat, dapat magbigay ang mga aplikante ng sumusunod na dokumento:

- 1) Sertipiko ng Pagpaparehistro ng Negosyo sa NJ na maaaring makuha sa https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/servlet/common/BRCLLogin
- 2) Sertipiko ng Clearance sa Buwis (Tax Clearance Certification) mula sa Division of Taxation, sa Department of the Treasury na maaaring makuha sa <https://www.state.nj.us/treasury/taxation/busasst.shtml>
- 3) Mga invoice at receipt na nagpapakita ng pagbili ng 3,000 o higit pa na pagkaing ginawa ng organisasyon mula saan mang (mga) restawran na nakabase sa New Jersey na may kabuuang di-bababa sa \$50,000, na pagbili sa pagitan ng petsang Marso 9, 2020 at Hunyo 28, 2021. Dapat kasama sa invoice ang: pangalan ng restawran, (mga) petsa ng pagbili, deskripsyon ng (mga) pagbili, dami ng binili, at kabuuang gastos.

Bilang karagdagan, may mabuting katayuan sa NJDOL ang mga karapat-dapat na aplikante, na ang lahat ng desisyon sa pagkakaroon ng mabuting katayuan ay nasa kapamahalaan ng Commissioner ng NJDOL. Karagdagan pa, ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay ikakapit, na ibabatay sa alinmang mga angkop na kinakailangang Pederal.

Karapat-dapat na mag-apply para sa karagdagang mga pondo ang kasalukuyang mga tatanggap ng kaloob ng programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) at posibleng hindi na kailangang magsumite muli ng dokumento ng pagiging karapat-dapat.

Maaaring hindi direktang mag-a-apply ang mga restawran para sa kaloob na ito.

Puwedeng makipag-ugnayan sa isang organisasyon ang mga restawran na interesado sa programa na may nakatatag nang programa ng maramihang pagbili at pamamahagi ng pagkain para talakayin ang posibleng pakikibahagi. Matatagpuan ang listahan ng kasalukuyang tatanggap ng kaloob ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) dito. Maaari ring piliin ng mga restawran na isapublikong listahan ang kanilang negosyon sa page ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) ng kanilang Sentro ng Negosyo para sa COVID-19 sa New Jersey. Para masaima sa listahan ang iyong restawran, pakipunan itong [form](#). Maaaring piliin ng mga potensyal na aplikante ng kaloob na mai-refer sa registry na ito at makipag-ugnayan sa mga restawran tungkol sa pakikibahagi sa programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ). Ang maisama sa listahang ito ay hindi pag-eendorso mula sa New Jersey Economic Development Authority para maging karapat-dapat para sa Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ). Lahat ng partido ay mariing pinapayuhan na maging masikap kapag pumipili ng mga nakikibahaging restawran.

Tulad ng itinawag-pansin sa itaas, dapat nakapagpamalas na ang mga karapat-dapat na aplikante ng rekord ng maramihang pagbili ng pagkain mula sa mga restawran na nakabase sa New Jersey na may kabuuang di-bababa sa 3,000 pagkain na nagkakahalaga ng di-bababa sa \$50,000 sa pagitan ng petsang Marso 9, 2020 at Hunyo 28, 2021.

Bilang bahagi ng aplikasyon sa kaloob, dapat itala ng mga aplikante ang mga restawran kung saani nila gagawin ang maramihang pagbili ng pagkain kung tatanggap sila ng kaloob ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ). Para makatanggap ng reimbursement para sa mga pagbili ng pagkain sa pamamagitan ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ), puwede lamang bumili ng pagkain ang mga tatanggap ng kaloob mula sa mga restawran na nakakatugon sa mga sumusunod na kinakailangan:

- Inuri bilang "Mga Serbisyong Pagkain at mga Lugar na Inuman" sa ilalim ng Sistema ng Pang-industriyang Klasipikasyon ng Tagatimog Amerika o NAICS code 722;
- May 50 o mas kaunti pang katumbas ng full-time na mga empleyado sa panahong nag-a-apply, batay sa pinakabagong nai-file ng kumpanya na WR-30 sa NJDOL;
- Pisikal na komersyal na lokasyon sa Estado ng New Jersey;
- Sertipiko ng Pagpaparehistro ng Negosyo sa NJ, na maaaring makuha sa https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/servlet/common/BRCLLogin;
- May mabuting katayuan sa Division of Taxation ng New Jersey, na ang lahat ng desisyon sa pagkakaroon ng mabuting katayuan ay nasa kapamahalaan ng Division of Taxation;
- May mabuting katayuan sa NJDOL, na ang lahat ng desisyon sa pagkakaroon ng mabuting katayuan ay nasa kapamahalaan ng Commissioner ng NJDOL.
- Kung kokontrolin ng Division of Alcoholic Beverage Control (ABC), sa Department of Law and Public Safety, magkaroon ng mabuting katayuan sa ABC, na ang lahat ng desisyon sa pagkakaroon ng mabuting katayuan ay nasa kapamahalaan ng ABC;

- Kasalukuyan at may bisa na sertipikasyon mula sa munisipyo at/o county government inspection na ang restawran ay nakatanggap ng rating na Kasiya-siya ayon sa sistema ng Rating ng Establisyemento na Nagtitinda ng Tingi na Pagkain (Retail Food Establishment Rating) sa New Jersey;
- Patunay na nag-o-operate na ang restawran noong Pebrero 15, 2020, at naapektohan nang husto ng COVID-19 na idiniklarang State of Emergency noong Marso 9, 2020 (hal., pansamantalang nagsara, napilitang magbawas ng oras, bumaba ang kita, naapektohan sa materyal na paraan dahil sa hindi makapagtrabaho ang mga empleyado dahil sa paglaganap ng sakit, o may supplier ng materyales na hindi makapag-deliver na nagresulta ng bumagal na antas ng produksyon); at
- Karagdagan pa, ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay ikakapit, na ibabatay sa alinmang mga angkop na kinakailangang Pederal.

Para makapagpamalas ng pagiging karapat-dapat, hihilingan ang mga restawran na magsumite ng NJEDA:

- 1) Form na nagpapatunay na nag-o-operate na ang restawran noong Pebrero 15, 2020, at naapektohan nang husto ng COVID-19 na idiniklarang State of Emergency noong Marso 9, 2020. Pagkatapos maisumite ng aplikante ang kanilang aplikasyon ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ), ang form na ito ay ipapadala ng NJEDA direkta sa mga nakatalang restawran na nasa aplikasyong iyan.
- 2) Sertipiko ng Pagpaparehistro ng Negosyo sa NJ, na maaaring makuha sa https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/servlet/common/BRCLLogin; at
- 3) Kasalukuyan at may bisa na sertipikasyon mula sa munisipyo at/o county ayon sa sistema ng Rating ng Establisyemento na Nagtitinda ng Tingi na Pagkain (Retail Food Establishment Rating) sa New Jersey.

Bilang panghuli, kabilang sa mga ipinagbabawal na negosyo na maging kaparapat-dapat ang, pero hindi limitado sa: pasugalan o mga gaming activity; pagsasagawa o pamamahagi ng "adulto" (hal., pornograpiko, malaswa, pang-aakit sa sekso, mahalay o katulad masasamang gawain) mga gawain, serbisyo, produkto o materyal (kabilang na ang hubad o medyo hubad na mga performance o pagbebenta ng mga pantulong o device sa pagtatalik); anumang subasta o pagkabangkarote o pagkasunog o "pagkawala ng pangungupahan" o katulad na mga pagbebenta; mga benta sa pag-transient ng mga produkto, Pagbebenta ng mga christmas tree o iba pang imbakan sa labas; at anumang gawain na nagdudulot ng istorbo; o anumang iligal na mga layunin.

Paglalabas ng Pondo

Ang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) ay isang kaloob na nakabatay sa reimbursement. Para sa bawat ibibigay na kaloob, unti-unting ibibigay ang kabuuang halaga habang nangyayari ang karapat-dapat na mga inaasahang gastusin at hihilingin ng tatanggap ng kaloob ang paglalabas ng pera mula sa NJEDA. Ang ganitong mga paghiling ng paglalabas ng pera ay dapat na pinatutunyan ng dokumento na ang aktuwal na nagastos ay kaayon ng mga karapat-dapat na paggamit ng pondong kaloob (hal., dami ng biniling pagkain, gastos kada pagkain, kabuuang gastos, deskripsyon ng biniling (mga) item, at ang restawran kung saan binili ang mga pagkain).

Sa panahon ng termino ng kaloob, maaaring humiling ang tatanggap ng kaloob na baguhin o dagdagan ang (mga) nakikibahaging restawran, na dapat isumite sa pamamagitan ng sulat,

kung saan maaari nilang bilhin ang pagkain at makatanggap ng reimbursement sa pamamagitan ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ). Rerepasuhin ng NJEDA ang mga paghiling ng pagbabago o pagdadagdag ng mga restawran.

Proseso ng Aplikasyon

Tatanggap ng mga online na aplikasyon mula Hunyo 28, 2021 hanggang Hulyo 18, 2021, at lahat ng aplikasyon ay rerepasuhin kasunod ng pagsasara ng panahon ng aplikasyon.

Makukumpleto ang mga aplikasyon para sa Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) sa **tatlong bahagi**:

- 1) Kailangan munang magsumite ang mga aplikante ng aplikasyon na may kasamang iminungkahing mga restawran kung saan bibilhin ang pagkain;
- 2) Pagkatapos ay makatanggap ang mga nakalistang restawran ng maikling form direkta mula sa NJEDA na dapat nilang kumpletohin kung gusto nilang maging karapat-dapat para sa pagbili ng pagkain sa pamamagitan ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ); at
- 3) Magsusumite ang mga aplikante ng restawran na rerepasuhin at aaprubahan bago ito ipadala sa NJEDA. Dapat nakumpleto na ang pag-apruba sa deadline ng aplikasyon para maisaalang-alang para sa reimbursement ng pagbili ng pagkain sa pamamagitan ng Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ).

Pananagutan ng mga aplikante na tiyaking nakapagsumite na ang mga restawran ng mga materyal sa panahon ng deadline ng aplikasyon. Dapat magbigay ang mga aplikante ng sapat na panahon sa pagsusumite ng kanilang sariling materyal at ng kanilang inilistang restawran.

Mga Bayarin

Dahil sa kahirapan sa pinansyal ng mga benepisyaryo, walang kokolektahing bayad ang NJEDA mula sa aplikante para sa programang ito.

Karagdagang Impormasyon

Maaaring makita ang karagdagang impormasyon tungkol sa Programang Sustinihan at Serbisyuhan ang NJ (Sustain and Serve NJ) sa Sentrong ng Impormasyong Pangnegosyo para sa COVID-19: <https://business.nj.gov/covid>.

Kung kailangan mo ng tulong sa wika, ipadala ang iyong pangalan sa NJEDA, sinasalitang wika at numero ng telepono sa languagehelp@njeda.com.